# *Paglilingkod sa Layunin ng Dios Yugto 9*
# *Makipagtulungan sa Dios upang Itatag ang Kanyang Simbahan*

***"18 At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya." (Mateo 16:18 KJV)***

Nagplano si David na itayo ang templo ng Dios sa Jerusalem. Si Haring David, matapos niyang maayos ang lahat at makapagpahinga sa lahat ng kanyang mga kaaway sa palibot niya, hinangad niya sa kanyang puso na itayo ang isang bahay para sa Dios: ***"1 At nangyari, nang si David ay tumahan sa kaniyang bahay, na sinabi ni David kay Nathan na propeta, Narito, ako'y tumatahan sa isang bahay na sedro, nguni't ang kaban ng tipan ng PANGINOON ay sa ilalim ng mga kubon. 2 At sinabi ni Nathan kay David, Gawin mo ang buong nasa iyong kalooban; sapagka't ang Dios ay sumasaiyo. 3 At nangyari, nang gabing yaon, na ang salita ng Dios ay dumating kay Nathan na sinasabi, 4 Ikaw ay yumaon at saysayin mo kay David na aking lingkod, Ganito ang sabi ng PANGINOON, Huwag mo akong ipagtatayo ng bahay na matatahanan: 5 Sapagka't hindi ako tumahan sa bahay mula nang araw na aking iahon ang Israel, hanggang sa araw na ito; kundi ako'y yumaon sa tolda at tolda, at sa tabernakulo, at tabernakulo. 6 Sa lahat ng mga dako na aking nilakaran na kasama ang buong Israel, ako ba'y nagsalita ng isang salita sa sinoman sa mga hukom ng Israel, na siyang aking inutusang maging pastor sa aking bayan, na nagsasabi, Bakit hindi ninyo ako ipinagtayo ng bahay na sedro? 7 Ngayon nga'y ganito ang iyong sasabihin sa aking lingkod na kay David. Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, Kita'y kinuha sa pasabsaban, sa pagsunod sa mga tupa upang ikaw ay maging pangulo sa aking bayang Israel: 8 At ako'y sumaiyo saan ka man naparoon, at aking inihiwalay ang lahat na iyong mga kaaway sa harap mo; at gagawin kitang isang pangalan, na gaya ng pangalan ng mga dakila na nangasa lupa. 9 At aking ipagtataan ng isang dako ang aking bayang Israel, at itatatag sila, upang sila'y mangakatahan sa kanilang sariling dako, at huwag nang mabago pa; ni sisirain pa man sila ng mga anak ng kasamaan, na gaya ng una, 10 At gaya ng araw na maghalal ako ng mga hukom upang malagay sa aking bayang Israel; at aking pasusukuin ang lahat mong mga kaaway. Bukod dito'y isinaysay ko sa iyo na ipagtatayo ka ng PANGINOON ng isang bahay. 11 At mangyayari, pagka ang iyong mga araw ay nalubos na ikaw ay marapat yumaon na makasama ng iyong mga magulang, na aking patatatagin ang iyong binhi pagkamatay mo, na magiging sa iyong mga anak; at aking itatatag ang kaniyang kaharian. 12 Kaniyang ipagtatayo ako ng isang bahay, at aking itatatag ang kaniyang luklukan magpakailan man. 13 Ako'y magiging kaniyang ama, at siya'y magiging aking anak: at hindi ko na aalisin ang aking kaawaan sa kaniya, gaya ng aking pagkakuha roon sa nauna sa iyo: 14 Kundi siya'y aking ilalagay sa aking bahay at sa aking kaharian magpakailan man: at ang kaniyang luklukan ay matatatag magpakailan man. 15 Ayon sa lahat na salitang ito, at ayon sa buong pangitaing ito, ay gayon sinalita ni Nathan kay David." (1 Cronica 17:1-15 KJV)***

Ang Dios ay nagalak sa pagkukusa ni David na itayo ang isang bahay para sa Kanya, ngunit iminungkahi Niya na isa sa kanyang mga anak, at kalaunan iyon ay si Solomon, na magtatayo ng templo ng Dios. Pagkatapos ng pahintulot ng Dios, ginamit ni Haring David ang lahat ng kanyang buhay sa paggawa ng paghahanda upang itayo ang templo ng Dios. Ito ay isang makalangit na hangarin na makipagtulungan sa Dios upang itayo ang Kanyang Kaharian habang tayo ay nasa lupa pa sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Kanya at pagtugon sa Kanyang tawag na itayo ang Kanyang simbahan katulad ng pagtawag ni Jesus kay Simon Pedro. ***"18 At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya." (Mateo 16:18 KJV)***

Pagkatapos magsisi ni David sa kanyang kasalanan sa pagbibilang sa mga kalalakihan sa hukbo ng Israel at matapos niyang bilihin ang giikan ni Ornan na Jebuseo, ***"26 At ipinagtayo roon ni David ng isang dambana ang PANGINOON, at naghandog ng mga handog na susunugin, at ng mga handog tungkol sa kapayapaan, at tumawag sa PANGINOON; at sinagot niya siya mula sa langit sa pamamagitan ng apoy sa ibabaw ng dambana ng handog na susunugin. 27 At inutusan ng PANGINOON ang anghel; at kaniyang isinuksok sa kaluban ang kaniyang tabak. 28 Nang panahong yaon, nang makita ni David na sinagot siya ng PANGINOON sa giikan ni Ornan na Jebuseo, siya nga'y naghain doon." (1 Cronica 21:26-28 KJV)*** Sa parehong dakong iyon, ***"1 Nang magkagayo'y sinabi ni David, Ito ang bahay ng PANGINOONG Dios, at ito ang dambana ng handog na susunugin para sa Israel." (1 Cronica 22:1 KJV)*** At mula noon, ang paghahanda ni David upang itayo ang templo ng Dios ay nagpatuloy sa mas aktibong paraan:

***1. Nagbigay ng utos si David sa paghahanda para sa pagpapatayo ng bahay ng Dios: "2 At iniutos ni David na pisanin ang mga taga ibang bayan na nasa lupain ng Israel; at siya'y naglagay ng mga kantero upang magsitabas ng mga yaring bato, upang itayo ang bahay ng Dios. 3 At si David ay naghanda ng bakal na sagana na mga pinaka pako sa mga pinto ng mga pintuang-daan, at sa mga sugpong; at tanso na sagana na walang timbang; 4 At mga puno ng sedro na walang bilang; sapagka't ang mga Sidonio at ang mga taga Tiro ay nangagdala kay David ng mga puno ng sedro na sagana." (1 Cronica 22:2-4 KJV)*** Upang makamit

ang ganito at ang dakilang layunin ng Dios sa ating buhay upang makipagtulungan sa Kanya sa pagpapatayo ng Kanyang simbahan kailangan nating ituon ang ating pansin sa ganitong pananaw at pagtuunan ng buo ang ating mga iniisip at yaman at iukol ang mga ito dito. Kailangan nating igalaw ang lahat ng ating taglay nang may bukas na puso upang magbigay para sa ganitong dakilang layunin.

***2. Nagsagawa si David ng mas masusing paghahanda bago ang kanyang kamatayan: "5 At sinabi ni David, Si Salomong aking anak ay bata at mura, at ang bahay na matatayo na laan sa PANGINOON ay marapat na totoong mainam, na bantog at maluwalhati sa lahat na lupain: akin ngang ipaghahanda. Sa gayo'y naghanda si David ng sagana bago sumapit ang kaniyang kamatayan." (1 Cronica 22:5 KJV)*** Habang tayo'y tumatanda at sumusulong sa ministeryo, mas lalo nating kailangang maglaan para matupad ang ganoong pananaw at magbigay nang sagana para dito. Habang tayo'y tumatanda, dapat din nating dagdagan ang ating paghahanda upang maisakatuparan ang layunin ng Dios sa ating buhay.

***3. Inatasan ni David ang kanyang anak na si Solomon: "6 Nang magkagayo'y ipinatawag niya si Salomon na kaniyang anak, at binilinan niyang magtayo ng isang bahay na laan sa PANGINOON, sa Dios ng Israel. 7 At sinabi ni David kay Salomon na kaniyang anak, Tungkol sa akin, na sa aking kalooban ang magtayo ng isang bahay sa pangalan ng PANGINOON kong Dios. 8 Nguni't ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsasabi, Ikaw ay nagbubo ng dugo na sagana, at gumawa ng malaking pagdidigma: huwag mong ipagtatayo ng bahay ang aking pangalan, sapagka't ikaw ay nagbubo ng maraming dugo sa lupa sa aking paningin: 9 Narito, isang lalake ay ipanganganak sa iyo, na siyang magiging lalaking mapayapa; at bibigyan ko siya ng kapahingahan sa lahat ng kaniyang mga kaaway sa palibot: sapagka't ang kaniyang magiging pangalan ay Salomon, at bibigyan ko ng kapayapaan at katahimikan ang Israel sa kaniyang mga kaarawan: 10 Kaniyang ipagtatayo ng bahay ang aking pangalan; at siya'y magiging aking anak, at ako'y magiging kaniyang ama; at aking itatatag ang luklukan ng kaniyang kaharian sa Israel magpakailan man. 11 Ngayon, anak ko, ang PANGINOON ay sumaiyo; at guminhawa ka, at iyong itayo ang bahay ng PANGINOON mong Dios, gaya ng kaniyang sinalita tungkol sa iyo. 12 Pagkalooban ka lamang ng PANGINOON ng pagmumunimuni, at pagkakilala, at bigyan ka niya ng bilin tungkol sa Israel; na anopa't iyong maingatan ang kautusan ng PANGINOON mong Dios. 13 Kung magkagayo'y giginhawa ka, kung isasagawa mo ang mga palatuntunan at ang mga kahatulan na ibinilin ng PANGINOON kay Moises tungkol sa Israel: ikaw ay magpakalakas at magpakatapang; huwag kang matakot o manglupaypay man." (1 Cronica 22:6-13 KJV)*** Kailangan nating ibahagi ang pananaw ng pagtatayo ng simbahan ng Dios sa ating mga anak, inapo, sa ating mga alagad at sa ating ka-manggagawa at atasan sila na patuloy na gawin ang ganoon.

***4. Inihanda ni David ang malaking pananalapi at materyal na mga kayamanan upang itayo ang Templo: "14 Ngayon, narito, sa aking karalitaan ay ipinaghanda ko ang bahay ng PANGINOON ng isang daang libong talentong ginto, at isang libong libong talentong pilak; at ng tanso at bakal na walang timbang; dahil sa kasaganaan: gayon din ng kahoy at bato ay naghanda ako; at iyong madadagdagan. 15 Bukod dito'y may kasama kang mga manggagawa na sagana, mga mananabas ng bato at manggagawa sa bato at sa kahoy, at lahat ng mga tao na bihasa sa anoman gawain; 16 Sa ginto, sa pilak, at sa tanso, at sa bakal, walang bilang. Ikaw ay bumangon at iyong gawin, at ang PANGINOON ay sumaiyo." (1 Cronica 22:14-16 KJV)*** Ang lahat ng mga materyal na bagay na ating pag-aari ay dapat gamitin upang matustusan ang lahat ng mga gastusin na kinakailangan sa pagtatayo ng Simbahan ng Dios.

***5. Inutusan ni David ang mga pinuno na gawin ang gawain ng Dios sa pagtatato ng Templo: "17 Iniutos naman ni David sa lahat na prinsipe ng Israel na tulungan si Salomon na kaniyang anak, na sinasabi, 18 Hindi ba ang PANGINOON ninyong Dios ay sumasainyo? at hindi ba binigyan niya kayo ng kapahingahan sa lahat na dako? sapagka't kaniyang ibinigay ang mga nananahan sa lupain sa aking kamay; at ang lupain ay suko sa harap ng PANGINOON, at sa harap ng kaniyang bayan. 19 Ngayo'y inyong ilagak ang inyong puso at ang inyong kaluluwa upang hanaping sundin ang PANGINOON ninyong Dios; kayo'y bumangon nga, at itayo ninyo ang santuario ng PANGINOONG Dios, upang dalhin ang kaban ng tipan ng PANGINOON, at ang mga banal na kasangkapan ng Dios, sa loob ng bahay na itatayo sa pangalan ng PANGINOON." (1 Cronica 22:17-19 KJV)*** Ang lahat ng mga pastor, guro, mga evangelista, at ang lahat ng mga pinuo at manggagawa ng simbahan ay dapat na batid at hinirang ayon sa kanilang kagustuhan at itinalaga upang isakatuparan ang pananaw na ito ng pagtatayo ng simbahan ng Dios at ipasa ang pananaw at katuruang ito sa susunod na salinlahi.

***6. Ang huling paghahanda ni David bago ang kanyang kamatayan:*** Ginawa mismo ni David ang kalooban ng Dios- ang kaaya-aya, mabuti at sakdal na kalooban ng Dios. Siya ang hari sa buong Israel hanggang siya ay matanda na at puspos ng mga taon. Inayos at itinatag ang gawain ng Dios bago siya namatay: Bawat isa sa atin ay dapat ipagpatuloy ang paggawa ng kalugud-lugod, mabuti at ganap na kalooban ng Dios hanggang sa matapos ang ating buhay sa lupa o hanggang tayo ay kunin ng Panginoon, sa pamamagitan ng paglilingkod sa parehong layunin ng Dios sa pagtatayo ng Kanyang simbahan

***a. Nagtalaga si David ng isang hari upang humalili pagkatapos niyang mamatay: "1 Si David nga ay matanda na at puspos ng mga araw: at ginawa niyang hari si Salomon na kaniyang anak sa Israel." (1 Cronica 23:1 KJV)*** Ayon sa kautusan ng Panginoon, itinalaga ni David si Solomon at ginawa siyang hari sa Israel bago siya namatay. Sapagkat pagkatapos ng kamatayan ni David, kailangang mayroong pinuno na magpapatuloy sa gawain ng Dios at tuparin ang pangitain na itinakda ng Dios para sa Kanyang bayan. Kailangan nating magtalaga ng mga pinuno na pinili ng Dios upang ipagpatuloy ang gawain ng Dios pagkatapos natin, upang tuparin ang Kanyang layunin sa pagtatayo ng Kanyang simbahan.

***b. Nagtalaga si David ng gawain para sa mga pinuno, pari, at Levita:*** Ipinaliwanag niya sa kanila kung ano ang kanilang gagawin at nagplano kasama nila kung paano sila kikilos at gawin ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad para sa kaluwalhatian ng Dios. ***"2 At pinisan niya ang lahat na prinsipe ng Israel, pati ang mga saserdote at ng mga Levita. 3 At ang mga Levita ay binilang mula sa tatlongpung taon na patanda: at ang kanilang bilang, ayon sa kanilang mga ulo, lalake't lalake, ay tatlongpu't walong libo. 4 Sa mga ito, dalawangpu't apat na libo ang nagsisitingin ng gawa sa bahay ng PANGINOON; at anim na libo ay mga pinuno at mga hukom: 5 At apat na libo ay tagatanod-pinto: at apat na libo ay mangaawit sa PANGINOON na may mga panugtog na aking ginawa, sabi ni David, upang ipangpuri." (1 Cronica 23:2-5 KJV)*** Habang si David ay may pananaw ng Dios ibinahagi niya iyon sa mga manggagawa at pinuno na inaasahang magpapatuloy ng pananaw pagkatapos niya. Sa parehong paraan, habang tayo ay may pananaw mula sa Dios kasama ang lahat ng detalye nito, kailangan natin itong ipasa nang malinaw at detalyado sa mga manggagawa na magpapatuloy na isakatuparan ito pagkatapos natin.

Ang kahulugan ng salitang 'Levi' ay 'nakadugtong'. Pinili ng Panginoon ang mga Levita upang maging nakadugtong sa Kanya at ipagpatuloy ang Kanyang gawain. Tanging ang mga nakadugtong sa Dios at inilaan ng kanilang buhay para sa Kanya ang maaaring gumawa ng dakila at tunay na gawain ng Dios. Sila ang mga manggagawa na itinalaga ng Dios sa iba't ibang gawain at pananagutan sa templo o sa Simbahan ng Dios. Kaya't dapat tayong humirang o magtalaga para sa mga gawain ng Dios sa mga nakadugtong lamang sa Dios at sa mga ipinangako ang kanilang sarili na mabuhay para sa Kanyang kapakanan at layunin.

***1). Sa mga ito, dalawangpu't apat na libo ang nagsisitingin ng gawa sa bahay ng PANGINOON:*** Sila'y may pananagutang mamahala sa gawain ng Dios upang maisagawa nang may katiyakan. Bawat manggagawa ay may tiyak na potensyal, talento, at espiritwal na kaloob na maaaring magamit nang epektibo para sa kaluwalhatian ng Dios; kaya naman dapat natin silang italaga ayon sa tiyak na gabay sa gawain.

***2). at anim na libo ay mga pinuno at mga hukom:*** Ang mga opisyal ay ang mga pinuno na gumagawa ng gawaing administratibo kabilang ang pananalapi. Ang mga hukom naman ang may pananagutan na gabayan ang mga tao sa mga bagay ng buhay at kung paano mamuhay at gumawa ng mga makaDios na desisyon. Sila ang nagtuturo sa mga tao ng mga tuntunin at utos ng Dios, ipinapakita ang paraan ng paggawa, at nagtalaga ng mga tungkuling dapat gawin upang maglingkod sa layunin ng Dios. Kaya't kailangan nating magtalaga ng mga manggagawa na may pananagutan sa paggawa ng administratibong gawain at ang mga sangkot sa pagtuturo sa mga tao ng mga tuntunin at utos ng Dios, ipakita sa kanila ang gawaing kailangang gawin at bigyan sila ng mga tungkuling dapat gampanan upang maglingkod sa layunin ng Dios.

***3). At apat na libo ay tagatanod-pinto:*** Sila ang mga nagmamahala sa sistema ng kapulungan, at nagpapanatili ng kontrol sa mga pumapasok at lumalabas sa mga pintuan ng bahay ng Dios. Sila ang mga tagapamahala ng sistema upang suriin ang pasok at labas ng mga gawain sa simbahan ng Dios. Sila ang mabubuting katiwala ng simbahan na gumagawa ng mga gawaing administratibo at nagsasagawa ng iba't ibang manu-manong gawain at serbisyo sa bahay ng Dios, na mapagkakatiwalaan, na kailangan nating kilalanin, italaga at suportahan sa paggawa ng mga ganitong gawain.

***4). at apat na libo ay mangaawit sa PANGINOON na may mga panugtog:*** Sila ang mga magtuturo at gagabay sa mga tao para sumamba sa Panginoon sa Espiritu at katotohanan: ***"23 Datapuwa't dumarating ang oras, at ngayon nga, na sasambahin ng mga tunay na mananamba ang Ama sa espiritu at katotohanan: sapagka't hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba sa kaniya. 24 Ang Dios ay Espiritu: at ang mga sa kaniya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan." (Juan 4:23-24 KJV)*** Sila ang mga responsable sa kaayusan ng pagsamba na mangunguna at nmagtuturo sa mga tao kung paano sumamba sa Dios at paglingkuran Siya sa Espiritu at katotohanan.

Ganito ang paraan ni David sa pag-aayos ng mga manggagawa kasama niya sa bahay ng Dios na may iba't ibang responsibilidad ayon sa kanilang mga talento, kakayahan, at ayon sa tawag ng Dios sa kanila upang matugunan ang mga pangangailangan sa gawain sa bahay ng Dios. Kahit sa kasalukuyang panahon, ang Simbahan ng Dios sa United Arab Emirates ay may iba't ibang pangangailangan at ministeryo batay sa pananaw at layunin ng Dios para sa Kanyang simbahan, kaya't kailangan nating tumugon nang naaayon sa pagtatalaga ng mga manggagawa ayon sa kanilang kakayahan, talento, at espiritwal na kaloob at ayon sa kanilang pagsunod at dedikasyon sa

tawag ng Dios sa kanilang buhay at ayon sa kasalukuyang pangangailangan sa iba't ibang ministeryo at kagawaran ng simbahan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Mahal ng Dios ang kanyang bayan. Ang ginawa ni David at naisakatuparan bago ng kanyang kamatayan ay para sa bayan ng Dios. * Tinawag tayo upang itatag ang Simbahan ng Dios at pangalagaan ito. Tayo ay may pananagutan na ipasa ang mga utos at tuntunin ng Dios sa susunod na salinlahi at sa mga manggagwa at mga pinuno na susunod sa atin sa paggawa ng mga gawain at ng ministeryo ng Kanyang simbahan. * Pagnilayan natin ang mensahe at isagawa ng bawat tuntuning natutunan natin mula kay David sa paggawa ng gawain ng Dios upang itayo ang Kanyang simbahan, ang Simbahn ng Dios. * Magsikap din tayo na tiyakin ang kinabukasan ng ating susunod na salinlahi sa pamamagitan ng pagtatayo ng Simbahan ng Dios batay sa Kanyang Salita at mga utos. Sa ganitong paraan, matutupad natin ang layunin ng Dios.

Manalangin tayo …

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit s aiyo sa pangalan ni Jesus, na namtay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat para sa iyong Salita na nagbukas ang aking kaisipan at itinuon ako tungkol sa aking mga tungkulin na maging aktibong kalahok sa pagpapatatag ng iyong simbahan. Panginoon, salamat sa ipinaliwanag mo sa akin mula sa Banal na Kasulatan tungkol sa mga paraan kung paano paglingkuran ang iyong layunin sa pagpapatatag ng iyong simbahan.*

*Lumapit ka ngayon sa Dios at tumugon sa tawag ng Dios sa iyong buhay upang itaguyod ang Kanyang simbahan. Ipagtapat at talikuran mo ngayon ang lahat ng iyong kasalanan. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagkakampante at katamaran, ang iyong pagdududa at kakulangan sa pananampalataya, ang iyong walang kagustuhang sa magdusa at ang iyong walang kagustuhang maglingkod. Ipagtapat at talikuran ang iyong makamundong buhay at ang iyong walang kagustuhang magbigay at mag-ambag ng materyal para sa simbahan ng Dios. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagnanasa, kasakiman, imoralidad, kasinungalingan, galit, atbp. Ipagkaila at talikuran ang iyong pag-aatubiling tumugon sa tawag ng Dios at magsimulang maglingkod sa Kanya. Ipagtapat ang iyong maling pangangasiwa at ang pag-aaksaya ng iyong oras sa mga kaibigan, media at balita. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at ang kakulangan sa panalangin. Panginoon, patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan ____________________________.*

*Panginoon, buong puso kong inihahandog ang aking sarili upang maglingkod sa iyo at upang lumakad sa iyong mga landas. Ipinapangako kong gagamitin ang lahat ng mga yaman, talento, at espiritwal na kaloob na nasa akin upang paunlarin ang iyong simbahan. Ipinapangako kong gawin ito upang ang iyong mga Salita, utos, at pagpapala ay maipasa sa susunod na salinlahi. Ito ang aking hinihiling at idinadalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, salamat po sa aking mga Kapatid na tumugon sa iyong pagtawag sa kanilang buhay at handang ibigay nang kusang-loob ang kanilang mga material na yaman, talento, at espiritwal na kaloob sa pagtatatag ng iyong simbahan. Panginoon, gamitin mo sila ng makapangyarihan para sa iyong kaluwalhatian, pahiran sila ng langis at puspusin ng Banal na Espiritu upang magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon, patuloy mong kausapin sila at ihayag ang mga detalye ng iyong pananaw sa kanila at kung ano ang nais mo na gawin nila para sa iyo. Panginoon, patuloy mong ibigay ang kanilang mga pangangailangan at protektahan sila upang magpatuloy silang maglingkod sa iyo, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, bilang iyong simbahan, iniaalay namin ang aming mga sarili na isabuhay ang lahat ng mga alintuntuning aming natutunan sa mensaheng ito upang paunlarin ang iyong simbahan. Panginoon, gabayan mo kami patungo sa mga manggagawang karapat-dapat sa tiyak na mga gawain upang italaga sila at hikayatin silang gawin ang iyong mabubuting gawa. Panginoon, hinihiling namin sa iyo na muling puspusin kami ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga espirituwal na kaloob na kailangan namin upang tuparin ang iyong layunin sa pagpapatayo ng iyong simbahan. Panginoon, gabayan mo kami na magpahayag ng evangelio, gumawa ng mga bagong disipulo, at sanayin ang mga bagong manggagawa upang yumaon at magtatag ng mas maraming pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami maradaman ang sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan

Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com